REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN

## KAPASIYAHAN BILANG 89-105

**KAPASIYAHAN NA HINIHILING SA KGG. WIGBERTO TAÑADA, SENADOR NG PILIPINAS NA MAKAPAGLAAN NG HALAGANG ₱1.35M PARA SA PAGPAPAGAWA NG PAAGUSAN NG TUBIG (DRAINAGE SYSTEM) SA EAST SERVICE ROAD, MSDR, CUPANG ,MUNTINLUPA, SA ILALIM NG "INTER-REGIONAL DEVELOPMENT FUND" NA PINAGTIBAY NG GENERAL APPROPRIATIONS ACT SA 1989.**

- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -

SAPAGKAT, ang nararapat na senador ay dapat munang makasangguni sa pagpapagawa at pagpapatupad ng mga proyektong pambayan bago mailabas ang laang-gugulin sa kaukulang ahensiya na magpapatupad sa ilalim ng inter-regional development fund;

SAPAGKAT, ang mga proyektong pambayan na dapat bigyan ng paunang-pansin upang mapaglaanan ng laang-gugulin sa ilalim ng inter-regional development fund na pinagtibay ng General Appropriations Act sa 1989 na kung saan ang bawat Senador ay may karapatang magmungkahi hanggang P ₱10 M halaga ng proyekto o pagawaing bayan sa kaukulang nagpapatupad na ahensya sa lugar na kanyang mapipili;

SAPAGKAT, ang mga kaukulang engineering plans, program of work at karampatang dokumento para sa pagsasaayos ng paagusan ng tubig sa East Service Road, MSDR Cupang, Muntinlupa ay nakahanda na sa pamamagitan ng Kagawaran ng mga Pagawain at Lansangang Bayan at mangangailangan na lang ng kaukulang laang-gugulin upang maipatupad na;

SAPAGKAT, ang mga naninirahan sa nabanggit na lugar na dumulog sa Tanggapan ng Pangulo ng Pilipinas upang humingi ng tulong para sa pagpapatupad ng proyektong ito noong nakaraang taon ay patuloy na sumasangguni dahil sa lumalalang suliranin sa baha lalo na ngayong pagsapit ng tag-ulan;

SAPAGKAT, ang Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa ay ibig mang gampanan ang tungkulin upang maibsan ang pangangailangan ng mga taga-Cupang ay walang sapat na kakayahan sa pananalapi upang matustusan ang pagpapaayos ng paagusan ng tubig;

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay napagpasiyahan na hilingin kay Kgg. Wigberto Tanada, Senador ng Pilipinas na makapaglaan ng halagang ₱1.35M para sa pagpapagawa ng paagusan ng tubig (drainage system) sa East Service Road, MSDR, Cupang, Muntinlupa sa ilalim ng "Inter-Regional Development Fund" na pinagtibay ng General Appropriations Act sa 1989.

PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa, Kalakhang Maynila sa kanilang pang animnapu't isang pangkaraniwang pulong ngayong ika-13 ng Hunyo, 1989.

Mggl. IGNACIO R. BUNYE
Punong Bayan/Pangulong Opisyal

**Mggl. JAIME R. FRESNEDI**
**Pang. Punong Bayan/Pang. Pangulong Opisyal**

**Kgg. CARLO G. TENSUAN**
**Konsehal**

**Kgg. ALEJANDRO L. MARTINEZ**
**Konsehal**

**Kgg. EPIFANIO A. ESPELETA**
**Konsehal**

**Kgg. REY E. BULAY**
**Konsehal**

**Kgg. LUCIO B. CONSTANTINO**
**Konsehal**

**Kgg. ROMAN E. NIEFES**
**Konsehal**

**Kgg. NEMESIO O. MOZO**
**Konsehal**

**Kgg. RUFINO B. JOAQUIN**
**Konsehal**

**Kgg. ROGER C. SMITH**
**Konsehal**

**Kgg. NOLASCO L. DIAZ**
**Konsehal**

**PINATOTOHANAN : RAUL R. CORRO**
**Kalihim Bayan**

**PINAGTIBAY : Hunyo 13, 1989**

**RRC:vts**